## Ano ang Seksual na Pag-abuso sa Bata?

Ang seksual na pag-abuso sa bata ay ang pang-aabuso ng isang taong may-sapat na gulang sa isang bata sa pamamagitan ng kilos o asal na seksual para sa kasiyahan ng nang-aabuso. Kasama rito ang malisyosong paghipo sa bata o pagpilit sa bata na hipuin sila, pagpapakita na pornograpia, pagsasalita na may seksual na nilalaman, pagpapakita ng kanilang sariling ari sa bata, paghalik, pakikipagtalik na seksual, pagpasok ng daliri o anumang bagay sa ari ng bata, pagmamasturba o pagsalsal at mga iba pa. Ang nang-aabuso ay gumagamit ng pandamdaming paghikayat, pananakot, mga pagbabanta, mga kabulaanan at kalimitan pangkatawang karahasan.

Ang insesto o pag-abuso ng kadugong kamag-anak o kapamilya ay mga gawaing seksual na ipinagpilitan sa isang bata ng sinumang taong kabilang sa kanilang pamilya o kamag-anak. Ang may-kasalanan ay maaaring miembro ng pamilya, kabilang na ang ama, tiyo, kapatid na lalaki, lolo o pamangking lalaki o isang taong nag-aalaga sa bata, katulad ng amain, asawang de facto o di-tunay na magulang.

Kung natuklasan mo na ang iyong anak ay seksual na ina-abuso, ikaw ay maaaring mapuspos ng maraming mga damdamin. Ikaw ay maaaring makaramdam na ang iyong buhay ay napatapon nang pabaligtad at ang bawa't bahagi nito ay naligalig. Mahirap harapin ang katotohanan na karamihan sa mga nang-aabuso ay kilala ng bata at pinagkakatiwalaan nila at karamihan sa mga pag- abuso ay nangyayari sa loob ng tahanan.

## Ang seksual na pag-abuso sa bata ay isang krimen

Pang-karaniwan nang magkaroon ng maraming sari-saring mga damdamin kapag natuklasan mo na ang iyong anak ay inabuso. Ang damdamin ay maaaring lumipas at bumalik at sa simula, ikaw ay maaaring makaramdam ng pamamanhid at pagkabigla. Kung ang may-kasalanan ay isang taong kilala at pinagkakatiwalaan mo at ng iyong anak, ikaw ay maaaring makaranas ng mga damdaming kagaya ng:

- Pagkalito
- Pagkabigla/Nayanig
- Pakiramdam na ikaw ay kabiguan bilang isang ina
- Pagkapahiya
- Galit sa nang-abuso dahil sa kanyang ginawa.
- Galit
- Galit dahil hindi mo nalaman at hindi mo napatigil.
- Pagkabalisa tungkol sa maaaring isipin ng iyong pamilya.
- Pakiramdam na ito'y kasalanan mo, may pananagutan ka

**Ang mararamdaman mo ay tulad pa rin ng mga damdaming ito kahit na ang nang-abuso ay hindi mo kilala.**

## Bakit hindi ko nalaman?

Ito ay karaniwang itinatanong ng mga ina kapag natuklasan nila na ang pag-abuso ay nangyari sa loob na tahanan. Ang insesto (pag-abusong seksual sa mga bata ng kamag-anak o kasama sa pamilya) ay karaniwang nananatiling lihim. Ang nang-aabuso ay karaniwang sanay sa pandaraya, sa paninigurong mananatiling lihim, at paghihikayat. Pangkaraniwan ding siya ay magsinungaling sa bata tungkol sa ina, at sabihing kasalanan ng ina ang kilos o gawa ng bata. Sa nangyayaring ito, paano maaasahan na malaman ng ina ang pag-abuso?

*"Ilan lamang sa mga ina ang nakakahuli na may nangyayaring insesto bago sila masabihan"* (1)

## May pananagutan ba ako sa nangyari?

Ikaw ay walang pananagutan sa pang-aabusong nangyayari maski na ikaw ay maysakit, nagtatrabaho, di-nasisiyahan, natatakot sa kanya, o wala nang aktibong relasyong seksual sa kanya. Wala kang pananagutan na bantayan ang kilos ng nang-aabuso. Natural lamang na umasang ang relasyon ng isang taong may sapat na gulang na at ng isang bata, ay batay sa pagtitiwala, at ang nang-aabuso ay siyang may pananagutan sa paglabag at paglapastangan ng pagtitiwalang ito.

## Nakalilitong mga damdamin tungkol sa nang-aabuso.

Likas lamang na magkaroon ng nakalilitong mga damdamin para sa nang-aabuso lalo na kung siya ay iyong asawa o kinakasama. Ang mga damdaming ito ay maaaring mabago buhat sa galit sa isang saglit, sa pagmamahal para sa kanya sa susunod na sandali. Ikaw ay maaaring makadama ng pagkakasala sa pagkakaroon ng damdamin para sa kanya at ikaw ay nahihiya na ibahagi ito sa sinuman. Maaaring sinasabi niya sa bawa't isa na siya ay inosente at ikaw at ang iyong anak ang ginagawang may-kasalanan. Maaaring suportahan siya ng ibang tao at ikaw ay maaaring magkaroon ng damdamin na ikaw ay nag-iisa at kailangang ipagtanggol ang iyong sarili.

## Paano maaaring magbago ang iyong anak

Pagkatapos ng nakababalisang pangyayaring ito sa buhay ng iyong anak, maaari kang makapuna ng ilang mga pagbabago sa kanila at sa kanilang kilos. Kung sila ay napakabata pa, maaring parang nawala ang kanilang kalikasang pagkabata at mga pagkabatang katangian. Sila ay maaaring mayroon ding problema sa pagtulog, nagigising dahil sa bangungot. Kung minsan, sila ay tila wala sa sarili – malayo sa mga pang-araw-araw na pangyayari. Alamin mo na anumang pangyayari ay maaring makapagpaalaala ng kanyang karanasan, kahit na ito ay walang kaugnayan.

May mga batang maaring makaranas ng damdaming gustong magpakamatay o saktan ang sarili matapos na makaranas ng atakeng seksual, at kailangan nilang makipag-ugnay sa isang tagapayo at mabigyan ng pagtataguyod na propesyonal.

## Ano ang magagawa upang matulungan ang iyong anak

Sa kabila ng mga damdaming nakapupuspos sa iyo sa sandaling ito, kailangang naroroon ka para sa iyong anak. Ang iyong pangunang reaksiyon ay mahalaga, upang ang iyong anak ay makadama na siya ay tinatanggap at ipinagtataguyod. Upang makatulong sa pagtaguyod sa iyong anak:

- Tiyakin na sila ay ligtas na at pangalagaang hindi na maaabuso pa.
- Paniwalaan sila at sabihin sa kanilang sila'y pinaniniwalaan.
- Purihin sila dahil sa pagsasabi.

## Tandaan ito ay hindi mo kasalanan, at ito ay hindi kasalanan ng iyong anak

- Ipaliwanag na mabuti na ito ay hindi nila kasalanan.
- Pabayaan ang batang magsalita tungkol dito kung kailan nila gusto, huwag silang laging tatanungin.
- Sikaping unawain kung bakit hindi nila masabi sa iyo noong una pa.
- Pabayaan silang ipahayag ang kanilang dinaramdam nang tapatan, halimbawa, galit.
- Igalang ang kanilang karapatang sarilinin ang nangyari kung ayaw nilang malaman ng ibang tao.
- Tulungan silang humanap ng sinumang maaring magtaguyod sa kanila (support person)/tagapayo/guro kung gusto nilang pag-usapan ang nangyari.
- Ibahagi ang impormasyon tungkol sa anumang nangyayari, halimbawa - pagpunta sa hukuman. Sikaping huwag ipaglihim sa kanila ang anupamang may kinalaman sa nangyari.
- Bigyan ang inyong anak ng karapat-dapat na kapangyarihang magpasiya tungkol sa kailangang gawin.
- Pag-ingatan na huwag gumawa ng mga pangako na hindi mo matutupad.

## Pag-aalaga sa iyong sarili

Bagaman ang iyong anak ay inabuso, mahalaga na alagaan mo rin ang iyong sarili. Ilang mga bagay na maaari mong gawin...

- Tandaan ito ay hindi mo kasalanan
- Alagaan mo ang iyong sarili, ito'y mga panahong may kabigatan.
- Makipag-usap sa ibang babae na nakaranas din ng tulad ng naranasan mo.
- Maghanap ng magtataguyod para sa iyong sarili, maaaring kaibigan o isang tagapayo, mahalaga na makakita ka ng isang taong maaari mong pagkatiwalaan.

## Ang iyong mga karapatan

Ikaw ay mayroong karapatan:

- Na pakitunguhan nang may pagmamahal, konsiderasyon, dignidad at hindi huhusgahan.
- Sa kumpidensyalidad
- Na igalang ang iyong mga pangangailangang pang-relihiyon, pang-kultural at wika.
- Na magtanong ng anumang mga tanong at tumanggap ng mga sagot na iyong naiintindihan.
- Sa isang babaeng tagasalin sa wika sa lugar na kinaroonan o sa pamamagitan ng telepono.

## Ano ang gagawin ngayon. . .
## Mga bagay na dapat pag-isipan, mga tanong na dapat itanong o aksiyon na dapat isagawa

- Kung ang iyong anak ay ina-abuso ng iyong asawa o kinakasama o ng taong nakatira sa iyo, ikaw ay kailangang kumilos upang pangalagaan ang iyong anak laban sa karagdagang pag-abuso. Maaari mong piliin na umalis sa tahanan o paalisin ang tao sa tahanan. Maaari mong piliin na iwanan ang pagsasama o hindi. Marahil ay kailangan mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa iyong napiling pagpapasiya.
- Ang Kagawaran ng mga Pamilya (Department of Families) ay masasangkot kung ang kaso ay seksual na pag-abuso ng kadugong kamag-anak o kasama sa pamilya at may kinalaman sa isang batang 18 taong gulang o mas bata pa, o kung mayroong mga alalahanin na kailangan pang pangalagaan na ang bata ay hindi na muling maaabuso.
- Para sa mga batang nasa paaralan, maaring kailangang sila'y makipag-usap sa guro / tagapayo sa paaralan, bilang tagataguyod.
- Ang iyong ibang mga anak ay maari ding mangailangan ng iyong pag-alalay. Huwag mo silang kalimutan
- Ano ang sasabihin mo kapag nalaman ito ng mga tao sa iyong komunidad.
- Mga legal na pakahulugan: anong mangyayari kung iulat (sa may kinalaman) ng aking anak ang pag-abuso? Paniniwalaan ba siya? Mayroon bang maaring magtaguyod sa amin sa pagbibigay-ulat (statement)?

Qld Health provided funding to the
Immigrant Women's Support Service for this publication.

Isinagawa ng
Immigrant Women's Support Service
Design & Printing by Aradia Multimedia

Copyright© Migrant Women's Emergency Support Service Inc. 2002
The copying of all or part of this brochure is not permitted without obtaining written permissionfrom The Migrant Women's Emergency Support Service Inc.

- Kung insesto ang nangyari, makakaya ko bang pagtiwalaan siyang muli?
- Sino ang paniniwalaan ko, kung itinatanggi niya ang pag-abuso o kung sabihin niya na ito ay kasalanan ng bata?
- Kung ito'y nangyari din sa akin noong ako'y bata pa, ano ang nararam – daman ko ngayon tungkol sa karanasan kong ito?

## Ano ang sinabi ng ibang mga ina:

- *"Nadama ko na parang ang aking buhay ay sinakop..."*
- *"Nadarama ko na gusto kong gumanti."*
- *"...ang sistemang legal ay hindi nagbibigay ng kasiyahan"*
- *"Noong mangyari ito, sana ay kumilos ako agad-agad – naging mas madali sana sa legal na sistema..."*
- *"Walang taong makauunawa kung paano ka nagdaramdam hangga't ito ay mangyari sa kanila."*
- *"ang pagkakaroon ng bagong relasyon ay isang malaking pakikipagsapalaran kung mayroon kang mga anak."*

## Mga Katotohanan

- Sa 85% ng mga kaso sa pag-abuso, ang nang-aabuso ay kilala ng bata.[1]
- Nasa pagitan ng 90 at 97% ng mga nang-aabuso ay mga lalaki.[1]
- Ang seksual na pag-abuso ay nangyayari sa lahat ng uri ng mga pamilya kahit na ano ang kultura, relihiyon, ekonomikang katayuan o antas ng edukasyon ng mga taong nasasangkot.
- Ang mga bata ay bihirang magsinungaling tungkol sa seksual na pag-abuso.
- 98% ng mga kaso ay natagpuang totoo.[2]
- Maski na walang medikal na ebidensya ng pag-abuso, ito ay hindi nangangahulugan na ito ay hindi nangyari.
- Kahit na lumalabas na pumayag o hindi ang bata, ang gawaing seksual sa pagitan ng mga taong may-sapat na gulang at mga bata ay laging kaabusuhan at kalapastanganan.[3]

## Mga Reperensya

(1) *Facing the Unthinkable* (1990) Dympna House, NSW

(2) *Child Sexual Assault* (1985) NSW Child Protection Council

(3) *Child Abuse Prevention Information Kit* (1990) Department of Families.